"Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong alinsunod sa batas na ipinalabas ng HUD. Ang HUD ay nagbibigay ng pagsasaling ito para lamang sa inyong kapakanan upang tulungan kayong maintindihan ang inyong mga karapatan at mga obligasyon. Ang bersyon sa wikang Ingles ng dokumentong ito ay ang dokumentong opisyal, alinsunod sa batas, at sumusubaybay. Itong isinaling dokumento ay hindi isang opisyal na dokumento."

**Kagawaran ng Pabahay at Kaunlarang Panlungsod ng Estados Unidos**
**(U. S. Department of Housing and Urban Development)**

# Dokumentong Pakete para sa Pahintulot ng Aplikante/Umuupa sa Pagpapalabas ng Impormasyon

**Ang Paketeng ito ay naglalaman ng mga sumusunod na mga dokumento:**

1. **HUD-9887/A Fact Sheet na naglalarawan ng mga kinakailangang patotoo**
2. **Pormularyong HUD-9887 (pipirmahan ng Aplikante o Umuupa)**
3. **Pormularyong HUD-9887-A (pipirmahan ng Aplikante o Umuupa at May-ari ng Pabahay)**
4. **Mga Mahahalagang Patotoo (pipirmahan ng Aplikante o Umuupa)**

Ang bawat sambahayan ay dapat makatanggap ng kopya ng 9887/A Fact Sheet, pormularyong HUD-9887, at pormularyong HUD-9887-A.

"Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong alinsunod sa batas na ipinalabas ng HUD. Ang HUD ay nagbibigay ng pagsasaling ito para lamang sa inyong kapakanan upang tulungan kayong maintindihan ang inyong mga karapatan at mga obligasyon. Ang bersyon sa wikang Ingles ng dokumentong ito ay ang dokumentong opisyal, alinsunod sa batas, at sumusubaybay. Itong isinaling dokumento ay hindi isang opisyal na dokumento."

**HUD-9887/A Fact Sheet**

# Patotoo ng Impormasyong Ibinigay ng mga Aplikante at mga Umuupa ng Tulong Pabahay

## Ano ang Kinapapalooban ng Patotoo

Upang makatanggap ng tulong sa pabahay, ang mga aplikante at umuupa na higit sa 18 taong gulang ang edad at bawat ulo ng pamilya, asawa, o kasamang ulo sa kabila ng edad ay dapat magbigay sa may-ari o ahenteng namamahala (O/A) o public housing agency (PHA) ng mga ilang impormasyong tinutukoy ng Kagawaran ng Pabahay at Kaunlarang Panlungsod ng Estados Unidos [U. S. Department of Housing and Urban Development (HUD)].

Upang makatiyak na ang tulong ay gagamitin nang wasto, inaatas ng batas Federal na ang impormasyong iyong ibibigay ay napatunayan. Ang impormasyong ito ay mapapatunayan sa dalawang paraan:

1. Maaaring mapatotohanan ng HUD, O/A at PHA ang impormasyong iyong ibibigay sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa mga talang itinatago ng ilang mga ahensiyang pampubliko (hal., Social Security Administration (SSA), ahensiya ng Estado na nagtatago ng mga impormasyon sa kahilingan sa pasahod at pagsusuweldo ng hindi nagtatrabaho, at ng Department of Health at Human Services (HHS) National Directory of New Hires (NDNH) database na nagtatago ng pasahod, mga bagong pasok sa trabaho, at kabayaran sa hindi nagtatrabaho). Ang HUD ay maaari (lamang) magpatotoo ng impormasyong sumailalim sa iyong mga pahayag sa buwis mula sa U.S. Internal Revenue Service (IRS). Ibibigay mo ang iyong pagsang-ayon para sa pagpapalabas ng impormasyong ito sa pamamagitan ng pagpirma sa pormularyong HUD-9887. Ang mga HUD, O/A, at PHA lamang ang makatatanggap ng impormasyong awtorisado ng pormularyong ito.

2. Dapat mapatotohanan ng O/A ang impormasyong ginamit upang matiyak ang iyong pagiging karapat-dapat at ang halaga ng upa na iyong binabayaran. Ikaw ay magbibigay ng iyong pagsang-ayon sa pagpapalabas ng impormasyong ito sa pamamagitan ng pagpirma sa pormularyong HUD-9887, pormularyong HUD-9887-A, at ang indibiduwal na patotoo at pagsang-ayon na mga pormularyong naaangkop sa iyo. Ang mga batas Federal ay nagbibigay hangganan sa mga uri ng impormasyon na maaaring matanggap ng O/A tungkol sa iyo. Ang halaga ng kita na natatanggap mo ay nakakatulong sa pagtiyak ng halaga ng upa na iyong babayaran. Papatotohanan ng O/A ang lahat ng mga pinagmumulan ng iyong kita na iyong iuulat. Mayroong mga ilang panustos na nagpapababa ng kita na ginagamit sa pagtitiyak ng mga upa ng umuupa.

**Halimbawa:** Si Gng. Anderson ay 62 taong gulang. Ang kanyang edad ay kuwalipikado upang mabigyan siya ng medikal na panggastos. Ang kanyang taunang kita ay iaakma dahil sa panggastos na ito. Dahil ang gastusing medikal ni Gng. Anderson ay makatutulong sa pagtitiyak ng halaga ng upa na kanyang babayaran, ang O/A ay kailangang mapatotohanan ang anumang gastusing medikal na kanyang iuulat.

**Halimbawa:** Si G. Harris ay hindi nararapat sa medikal na panggastos dahil hindi pa siya umabot ng 62 taong gulang at siya ay walang kapansanan. Dahil hindi siya karapat-dapat para sa medikal na panggastos, ang halaga ng kanyang gastusing medikal ay hindi magpapabago sa halaga ng upa na kanyang binabayaran. Sa gayon, ang O/A ay hindi maaaring magtanong kay G. Harris nang kahit ano tungkol sa kanyang gastusing medikal at hindi maaaring patotohanan sa pangatlong partido ang anumang gastusing medikal na mayroon siya.

## Mga Proteksiyon sa Mamimili

Ang impormasyong natanggap ng HUD ay protektado ng Federal Privacy Act. Ang impormasyong natanggap ng O/A o PHA ay sinasakop ng mga batas ng Estado tungkol sa pagiging lihim. Ang mga empleyado ng HUD, O/A, at PHA ay nahaharap sa mga kaparusahan para sa maling paggamit nitong mga pormularyong pagsang-ayon. Hindi mo kailangang pirmahan ang pormularyong HUD-9887, ang pormularyong HUD-9887-A, o ang mga pormularyong pagsang-ayon ng indibiduwal na patotoo kapag ibinigay sa iyo ang mga ito sa iyong panayam sa sertipikasyon o muling sertipikasyon. Maaari mong dalhin ang mga ito sa iyong bahay upang basahin o pag-usapan kasama ang isang pangatlong partido na iyong pinili. Bibigyan ka ng O/A ng ibang petsa na maaari kang bumalik upang pirmahan ang mga pormularyong ito.

Kung hindi mo mabasa at/o mapirmahan ang pormularyong pagsang-ayon dahil sa isang kapansanan, ang O/A ay gagawa ng makatwirang tulong batay sa Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973. Maaaring kasama sa ganoong tulong ang: pagbisita sa tahanan kapag ang kapansanan ng aplikante o umuupa ay humahadlang sa kanya na pumunta sa opisina upang kumpletuhin ang mga pormularyo; pinapayagan ng aplikante o umuupa na pumirma sa ngalan niya ang ibang tao; at para sa mga taong may kahirapang makakita, maaaring kasama sa mga tulong ang pagbibigay ng mga pormularyo sa malalaking letra o braille o pagkakaloob ng mga tagabasa.

Kung ang nasa hustong gulang na miyembro ng iyong sambahayan, dahil sa mga pangyayaring makatwiran, ay hindi mapirmahan sa oras ang pormularyong HUD-9887 o ang mga pormularyong patotoo ng indibiduwal, maaaring ilagay ng O/A sa dokumento ang file na patungkol sa dahilan ng pagkaantala at ang mga partikular na plano upang makuha ang angkop na pirma sa lalong madaling panahon.

Dapat sabihin sa iyo ng O/A, o isang pangatlong partidong iyong pinili, ang mga natuklasan bilang resulta ng mga patotoo na ginawa ng O/A na awtorisado ng iyong pahintulot. Dapat bigyan ka ng pagkakataon ng O/A na mangatuwiran tungkol sa mga nasabing natuklasan alinsunod sa HUD Handbook 4350.3 Rev. 1. Gayon man, para sa impormasyong natanggap sa ilalim ng pormularyong HUD-9887 o pormularyong-9887-A, maaaring abisuhan ka ng HUD, O/A, o PHA tungkol sa mga natuklasang ito.

Dapat itago ng O/A ang mga file ng umuupa sa isang lugar na natitiyak ang pagiging kompidensiyal. Sinumang empleyado ng O/A na nabigong magtago ng kompidensiyal na impormasyon ng umuupa ay sasailalim sa pagpapatupad ng mga probisyon ng State Privacy Act at maihaharap sa mga aksyong pagpapatupad ng HUD. At, sinumang aplikante o umuupa na apektado ng pabayang pagsisiwalat o maling paggamit ng impormasyon ay maaaring magharap ng aksyong sibil para sa mga pinsala, at humingi ng ibang tulong, na maaaring angkop, laban sa empleyado.

Inaatas ng HUD-9887/A sa O/A na magbigay sa bawat sambahayan ng isang kopya ng Fact Sheet, at mga pormularyong HUD-9887, HUD-9887-A kasama ang mga angkop na pormularyong pagsang-ayon ng indibiduwal. Ang paketeng iyong matatanggap ay kabilang ang mga sumusunod na mga dokumento:

1. **HUD-9887/A Fact Sheet:** ng mga pangangailangan upang mapatunayan ang impormasyong ibinigay ng mga indibiduwal na aplikante para sa tulong sa pabahay. Ang fact sheet na ito ay naglalarawan din ng mga proteksiyon sa mamimili sa ilalim ng proseso ng patotoo.
2. **Pormularyong HUD-9887:** Nagpapahintulot sa pagpapalabas ng impormasyon sa pagitan ng mga ahensiya ng gobyerno.
3. **Pormularyong HUD-9887-A:** Naglalarawan sa mga pangangailangan ng patotoo ng pangatlong partido kasama ang mga proteksiyon sa mamimili.
4. **Mga pagsang-ayon ng indibiduwal na patotoo:** Ginagamit upang mapatunayan ang mga mahahalagang impormasyong ibinigay ng mga aplikante/umuupa upang matiyak ang pagiging karapat-dapat at antas ng mga benepisyo.

## Mga Bunga ng Hindi Pagpirma ng mga Pormularyong Pagsang-ayon

Kung nabigo kang pirmahan ang pormularyong HUD-9887, ang pormularyong HUD-9887-A, o ang mga pormularyong indibiduwal na patotoo, ito ay maaaring humantong sa pagkait ng tulong sa iyo (para sa mga aplikante) o ang iyong tulong ay tapusin (para sa mga umuupa). Tingnan ang mga karagdagang impormasyon sa mga pormularyong HUD-9887 at 9887-A.

Kung ikaw ay isang aplikante at napagkaitan ng tulong dahil sa ganitong dahilan, dapat ipagbigay-alam sa iyo ng O/A ang dahilan ng pagtanggi sa iyo at magbigay sa iyo ng pagkakataong umapela sa desisyon.

Kung ikaw ay isang umuupa at ang iyong tulong ay tinapos dahil sa ganitong dahilan, dapat sundin ng O/A ang mga pamamarang nakasaad sa Pagpapaupa. Kasama dito ang iyong pagkakataon na makipagkita sa O/A.

## Programang Saklaw nitong Fact Sheet

Rental Assistance Program (RAP)

Karagdagan sa Upa

Seksyon 8 Housing Assistance Payments Programs (pinamamahalaan ng Office of Housing)

Seksyon 202

Mga Seksyon 202 at 811 PRAC

Seksyon 202/162 PAC

Seksyon 221(d)(3) Mababa sa Singil na Interes sa Merkado

Seksyon 236

HOPE 2 Home Ownership of Multifamily Units

Dapat magbigay ang O/A ng kopya nitong HUD Fact Sheet sa bawat sambahayan. Tingnan ang mga Tagubilin sa pormularyong HUD-9887-A.

"Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong alinsunod sa batas na ipinalabas ng HUD. Ang HUD ay nagbibigay ng pagsasaling ito para lamang sa inyong kapakanan upang tulungan kayong maintindihan ang inyong mga karapatan at mga obligasyon. Ang bersyon sa wikang Ingles ng dokumentong ito ay ang dokumentong opisyal, alinsunod sa batas, at sumusubaybay. Itong isinaling dokumento ay hindi isang opisyal na dokumento."

# Paunawa at Pagsang-ayon para sa Pagpapalabas ng Impormasyon

sa Kagawaran ng Pabahay at Kaunlarang Panlungsod ng Estados Unidos [U.S. Department Housing and Urban Development (HUD)] at sa May-ari at Namamahalang Ahente [Owner and Management Agent (O/A)], at sa Ahensiya ng Pampublikong Pabahay [Public Housing Agency (PHA)]

**Kagawaran ng Pabahay at Kaunlarang Panlungsod ng Estados Unidos**
**(U. S. Department of Housing and Urban Development)**
Tanggapan ng Pabahay (Office of Housing)
Komisyonado ng Federal na Pabahay
(Federal Housing Commissioner)

| | | |
|---|---|---|
| Ang Tanggapan ng HUD na humihingi ng pagpapalabas sa impormasyon (Nararapat magbigay ang may-ari ng kumpletong kinaroroonan ng HUD Field Office, Attention: Director, Multifamily Division.): | Ang O/A na humihiling ng pagpapalabas ng impormasyon (Nararapat magbigay ang may-ari ng buong pangalan at kinaroroonan ng May-ari.): | Ang PHA na humihingi ng pagpapalabas ng impormasyon (Nararapat magbigay ang may-ari ng buong pangalan at kinaroroonan ng PHA at titulo ng direktor o tagapangasiwa. Kung walang May-ari ng PHA o tagapangasiwa ng kontrata ng PHA para sa proyektong ito, markahan ng X ang buong kahong ito.): |

**Paunawa Sa Umuupa: Huwag pirmahan ang pormularyong ito kung ang puwang sa itaas para sa mga organisasyong humihingi ng pagpapalabas ng impormasyon ay naiwang blangko. Hindi mo kailangang pirmahan ang pormularyong ito kapag ibinigay ito sa iyo. Maaari mong dalhin ang pormularyo sa iyong bahay upang basahin o pag-usapan kasama ang isang pangatlong partido na iyong pinili at ibalik upang pirmahan ang pagsang-ayon sa petsa na inyong napag-usapan ng may-ari/tagapamahala ng pabahay.**

**Awtoridad:** Seksyon 217 ng Consolidated Appropriations Acts ng 2004 (Pub L. 108-199). Itong batas ay matatagpuan sa 42 U.S.C. 653(J). Binibigyang kapangyarihan ng batas na ito ang HHS na isiwalat sa Kagawaran ng Pabahay at Kaunlarang Panlungsod [Department of Housing and Urban Development (HUD)] ang mga impormasyon sa bahagi ng NDNH na "Location and Collection System of Records" para sa mga layunin ng pagpapatotoo ng trabaho at kita ng mga indibiduwal na lumalahok sa tinutukoy na mga programa at, pagkatapos matanggal ang mga personal na pagkikilanlan, magsagawa ng pagsusuri ng trabaho at ulat sa kita nitong mga indibiduwal. Maaaring isiwalat ang impormasyon ng Kalihim ng HUD sa isang pribadong may-ari, ahenteng namamahala, at sa isang tagapangasiwa ng kontrata sa pamamahala ng tulong pabahay sa pag-upa.

Seksyon 904 ng Stewart B. McKinney Homeless Assistance Amendments Act ng 1988, na binago ng seksyon 903 ng Housing at Community Development Act ng 1992 at seksyon 3003 ng Omnibus Budget Reconciliation Act ng 1993. Matatagpuan ang batas na ito sa 42 U.S.C. 3544. Inaatas ng batas na ito na iyong pirmahan ang pormularyong pagsang-ayon na nagbibigay kapangyarihan sa: (1) HUD at PHA na humingi ng impormasyon sa kahilingan sa pasahod at pagpapasuweldo sa hindi nagtatrabaho mula sa ahensiya ng estado na may pananagutan sa pagtatago ng nasabing impormasyon; at (2) HUD, O/A, at ang PHA na may pananagutang matiyak ang pagiging karapat-dapat na patotohanan ang impormasyon sa sahod at suweldo na nauukol sa pagiging karapat-dapat ng aplikante o kalahok o sa antas ng mga benepisyo; (3) HUD na humiling ng ilang impormasyon sa pahayag sa buwis (tax return) mula sa U.S. Social Security Administration (SSA) at sa U.S. Internal Revenue Service (IRS).

**Layunin**: Sa pagpirma ng pormularyong pagsang-ayon na ito, ikaw ay nagbibigay kapangyarihan sa HUD, O/A na nabanggit sa itaas, at sa PHA na humiling ng impormasyon sa kita mula sa mga ahensiya ng gobyernong nakalista sa pormularyo. Kailangan ng HUD, ng O/A, at ng PHA ang impormasyong ito upang patotohanan ang kita ng iyong sambahayan upang makatiyak na karapat-dapat ka para sa tulong na mga benepisyo ng pabahay at ang mga benepisyong ito ay mailagay sa tamang antas. Maaaring lumahok ang HUD, ang O/A, at ang PHA sa mga programang magpapareha sa pamamagitan ng kompyuter sa mga pinagmumulan nito upang patotohanan ang iyong pagiging karapat-dapat at ang antas ng mga benepisyo. Ang pormularyong ito ay nagbibigay din ng kapagyarihan sa HUD, sa O/A, at sa PHA na maghanap ng suweldo, bagong pasok sa trabaho (W-4), at impormasyon sa kahilingan sa hindi nagtatrabaho mula sa pangkasalukuyan o dating mga employer upang patotohanan ang impormasyong nakalap sa pamamagitan ng pagpapareha sa kompyuter.

**Mga Gamit ng Impormasyong Nakalap:** Inaatas sa HUD na protektahan ang nakalap na impormasyon ukol sa kita ayon sa Privacy Act ng 1974, 5 U.S.C. 552a. Kailangan ding protektahan ng O/A at ng PHA ang nakalap na impormasyon ukol sa kita alinsunod sa anumang angkop na mga batas ng Estado ukol sa pagiging lihim.

Pagkatapos makakuha ng impormasyong sumasaklaw ng paunawa ng pagsang-ayon na ito, maaaring ipaalam sa iyo ng HUD, ng O/A, at ng PHA ang iyong pagiging karapat-dapat para sa, o antas ng, tulong ay hindi tiyak at kailangan pang mapatotohanan at wala nang iba.

Maaaring sumailalim sa kaparusahan ang mga empleyado ng HUD, O/A, at PHA dahil sa hindi awtorisado o maling paggamit ng impormasyon sa kita na nakalap batay sa pormularyo ng pagsang-ayon.

**Sino ang Kailangang Pumirma ng Pormularyong Pagsang-ayon:** Bawat miyembro ng sambahayan na hindi bababa sa 18 taong gulang at bawat ulo ng pamilya, asawa o kasamang ulo, sa kabila ng edad, ay dapat pumirma ng pormularyong pagsang-ayon sa panimulang sertipikasyon at sa bawat muling sertipikasyon. Dapat makakuha ng mga karagdagang mga pirma mula sa mga bagong miyembrong nasa hustong gulang kapag sila ay sumali sa sambahayan o kapag ang mga miyembro ng sambahayan ay naging 18 taong gulang.

Ang mga taong nag-aplay o nakatanggap ng tulong sa ilalim ng mga sumusunod na programa ay kailangang pumirma nitong pormularyong pagsang-ayon:

Rental Assistance Program (RAP)

Rent Supplement

Seksyon 8 Housing Assistance Payments Programs (pinamamahalaan ng Office of Housing)

Seksyon 202; Mga Seksyon 202 at 811 PRAC; Seksyon 202/162 PAC Seksyon 221(d)(3) Mababa sa Singil na Interes sa Merkado (Below Market Interest Rate)

Seksyon 236

HOPE 2 Homeownership ng Multifamily Units

**Kabiguang Mapirmahan ang mga Pormularyong Pagsang-ayon:** Maaaring magbunga ang iyong pagkabigong pirmahan ang mga pormularyong pagsang-ayon sa hindi pagtanggap ng tulong o pagtatapos ng mga benepisyong tulong sa pabahay. Kung tinanggihan ng tulong ang aplikante dahil sa ganitong dahilan, ang may-ari ay dapat sumunod sa mga pamamaraang pagbibigay-alam sa Handbook 4350.3 Rev. 1. Kung tinanggihan ng tulong ang umuupa dahil sa ganitong dahilan, ang may-ari o ahenteng namamahala ay dapat sumunod sa mga pamamaraang inilahad sa pagpapaupa.

**Pagsang-ayon: Ako ay sumasang-ayon na pahintulutan ang HUD, O/A, o ang PHA na humiling at mangalap ng impormayon ukol sa kita mula sa mga ahensiyang federal at estadong nakalista sa likod ng pormularyong ito para sa layuning patotohanan ang aking pagiging karapat-dapat at antas ng mga benepisyo sa ilalim ng mga programang tulong sa pabahay ng HUD.**

**"Ang Ingles na bersyon ng pagpapaupa lamang ang pipirmahan."**

## Mga Ahensiyang Nagbibigay ng Impormasyon

State Wage Information Collection Agencies. (HUD at PHA). Ang pagsang-ayong ito ay limitado sa mga suweldo at kabayaran dahil sa kawalan ng trabaho na iyong natanggap sa (mga) panahong nasa loob ng huling 5 taon kung kailan iyong natanggap ang mga benepisyong tulong sa pabahay.

U.S. Social Security Administration (HUD lamang). Ang pagsang-ayong ito ay limitado sa impormasyon sa suweldo at pansariling empleo mula sa iyong pangkasalukuyang pormularyong W-2.

National Directory of New Hires na itinatago sa sistema ng mga talaan ng Kagawaran ng Health at Human Services. Ang pagsang-ayong ito ay limitado sa mga suweldo at kabayaran dahil sa kawalan ng trabaho na inyong natanggap sa (mga) panahong nasa loob ng huling 5 taon nang inyong natanggap ang mga benepisyong tulong sa pabahay.

U.S. Internal Revenue Service (HUD lamang). Ang pagsang-ayong ito ay limitado sa impormasyong nakapaloob sa iyong pangkasalukuyang pahayag sa buwis (tax return).

Ang pagsang-ayong ito ay limitado sa mga sumusunod na impormasyon na maaaring lumabas sa iyong pangkasalukuyang pahayag sa buwis (tax return).

1099-S Pahayag para sa mga Tatanggap ng mga Benepisyo mula sa mga Transaksiyon ng Bilihan ng Lupa

1099-B Pahayag para sa mga Tatanggap ng mga Benepisyo mula sa mga Transaksiyon ng Nagbebenta ng Lupa at Palitan ng Kalakal

1099-A Nakatalang Impormasyon para sa Pagkuha o Pag-iwan ng mga Ginarantiyang Ari-Arian

1099-G Pahayag para sa mga Tatanggap ng Ilang mga Kabayaran ng Gobyerno

1099-DIV Pahayag para sa mga Tatanggap ng mga Dibidendo at Pamamahagi

1099 INT Pahayag para sa mga Tatanggap ng Kita sa Interes

1099 MISC Pahayag para sa mga Tatanggap ng Sari-saring Kita

1099-OID Pahayag para sa mga Tatanggap ng Diskuwento sa Orihinal na Paglabas

1099-PATR Pahayag para sa mga Tatanggap ng mga Papatawang Buwis sa Pamamahagi mula sa mga Kooperatiba

1099-R Pahayag para sa mga Tatanggap ng mga Plano sa Pagreretiro W2-G

Pahayag ng mga Panalo sa Sugal

1065-K1 Bahagi sa Kita ng mga Kasosyo, Utang, Binawas, atbp.

1041-K1 Bahagi sa Kita ng Nakikinabang, Utang, Binawas, atbp.

1120S-K1 Bahagi ng Kasosyo sa Papatawang Buwis ng Di-naibahaging Kita, Utang, Binawas, atbp.

Nauunawaan ko na ang impormasyon sa kita na nakalap mula sa mga pinagkukunang ito ay gagamitin sa pagpapatotoo ng impormasyon na aking ibinigay sa pagtitiyak ng panimula o patuloy sa pagiging karapat-dapat para sa mga programang tulong sa pabahay at sa antas ng mga benepisyo.

Walang aksyon ang maaaring gawin upang tapusin, tanggihan, suspindihin, o bawasan ang tulong na natatanggap ng iyong sambahayan batay sa impormasyong nakalap tungkol sa iyo sa ilalim ng pagsang-ayong ito hanggang ang HUD Office, Office of Inspector General (OIG) o ng PHA (alinman ang naaangkop) at ng O/A ay magsasagawa ng kanya-kanyang patotoo ng: 1) halaga ng kita, suweldo, o patungkol sa kabayaran sa kawalan ng trabaho, 2) kung kayo ay talagang mayroon (nagkaroon) ng ganoong kita, suweldo, o mga benepisyo para sa iyong sariling gamit o hindi, at 3) panahon o mga panahon kung kailan, o patungkol sa iyong natanggap na ganoong kita, suweldo, o mga benepisyo. Maaaring gamitin ang isang kopya ng napirmahang pagsang-ayon upang hilingin sa pangatlong partido na patotohanan ang anumang impormasyong natanggap sa ilalim ng pagsang-ayong ito (hal., employer).

Ipapaalam sa iyo ng HUD, ng O/A, o ng PHA, o ng pangatlong partido na iyong hinirang, ang mga matutuklasan na nakabatay sa mga impormasyong napatotohanan sa ilalim ng pagsang-ayong ito at magbibigay sa iyo ng pagkakataong salungatin ang mga natuklasan alinsunod sa Handbook 4350.3 Rev. 1.

Kung ang miyembro ng sambahayan na kailangang pumirma sa pormularyong pagsang-ayon ay hindi nakapirma ng pormularyo sa takdang oras dahilan sa mga pangyayaring makatwiran, maaaring ilagay ng O/A sa dokumento ang file na patungkol sa dahilan ng pagkaantala at ang mga natukoy na plano upang makuha ang tamang pirma sa lalong madaling panahon.

Ang pormularyong pagsang-ayong ito ay mapapawalan ng bisa 15 buwan pagkaraang pirmahan.

---

**Pahayag ng Privacy Act.** Ang Kagawaran ng Pabahay at Kaunlarang Panlungsod [Department of Housing and Urban Development (HUD)] ay awtorisadong magtipon ng impormasyong ito sa ilalim ng U.S. Housing Act ng 1937, na binago (42 U.S.C. 1437 et. seq.); ng Housing at Urban-Rural Recovery Act ng 1983 (P.L. 98-181); ng Housing at Community Development Technical Amendments ng 1984 (P.L. 98-479); at sa ilalim ng Housing at Community Development Act ng 1987 (42 U.S.C. 3543). Ang impormasyon ay kinokolekta ng HUD upang matiyak ang pagiging karapat-dapat ng aplikante, ang iminumungkahing laki ng yunit, at ang halaga na dapat bayaran ng (mga) umuupa ukol sa upa at mga utilidad. Ginagamit ng HUD ang impormasyong ito upang tumulong sa pamamahala ng ilang ari-arian ng HUD, upang mapangalagaan ang pang-pinansyal na interes ng Gobyerno, at patotohanan ang pagiging tumpak ng impormasyong ibinigay. Maaaring magsagawa ng pagpapareha sa kompyuter ang HUD, ang owner (may-ari) o management agent (O/A), o ang public housing agency (PHA) upang mapatotohanan ang impormasyong inyong ibinigay. Ang impormasyong ito ay maaaring ipalabas sa kinauukulang Federal, Estado, at lokal na mga ahensiya, kapag nauugnay, at sa sibil, kriminal, o namamahalang mga imbestigador at taga-usig. Gayunman, ang impormasyon ay hindi dapat isisiwalat o ipapalabas sa labas ng HUD, maliban kung may pahintulot o inaatas ng batas. Dapat ninyong ibigay ang lahat ng hiniling na impormasyon. Ang pagkabigong magbigay ng impormasyon ay maaaring magbunga sa pagkaantala o pagtanggi ng pag-aproba sa inyong pagiging karapat-dapat.

---

**Parusa dahil sa Maling Paggamit ng Pagsang-ayon:**

Maaaring sumailalim ang HUD, ang O/A, at sinumang PHA (o sinumang empleyado ng HUD, ng O/A, o ng PHA) sa kaparusahan dahil sa di-awtorisading pagsisiwalat o mga maling paggamit ng impormasyong nakalap batay sa pormularyong pagsang-ayon.

Ang paggamit ng impormasyong nakalap batay sa pormularyong HUD 9887 ay limitado lamang sa mga layuning binanggit sa pormularyong HUD 9887. Sinumang tao na sadyang alam o kusang humingi, kumuha, o magsiwalat ng anumang impormasyon sa ilalim ng maling pagpapakilala patungkol sa isang aplikante o umuupa ay maaaring sumailalim sa isang maliit na paglabag sa batas at pagmultahin ng hindi lalabis sa $5,000.

Sinumang aplikante o umuupang apektado ng pabayang pagsisiwalat ng impormasyon ay maaaring magsampa ng aksyong sibil para sa pinsala, at humingi ng ibang lunas, na naaangkop, laban sa opisyal o empleyado ng HUD, ng May-ari o ng PHA na may pananagutan sa di-awtorisado o maling paggamit

"Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong alinsunod sa batas na ipinalabas ng HUD. Ang HUD ay nagbibigay ng pagsasaling ito para lamang sa inyong kapakanan upang tulungan kayong maintindihan ang inyong mga karapatan at mga obligasyon. Ang bersyon sa wikang Ingles ng dokumentong ito ay ang dokumentong opisyal, alinsunod sa batas, at sumusubaybay. Itong isinaling dokumento ay hindi isang opisyal na dokumento."

# Pagsang-ayon ng Aplikante/Umuupa sa Pagpapalabas ng Impormasyon

## Patotoo ng mga May-ari ng Impormasyon
## Ibinigay ng mga Indibiduwal na Nag-aplay para sa Tulong Pabahay

**Kagawaran ng Pabahay at Kaunlarang Panlungsod ng Estados Unidos (U.S. Department of Housing and Urban Development)**
Tanggapan ng Pabahay (Office of Housing)
Komisyonado ng Federal na Pabahay
(Federal Housing Commissioner)

**Tagubilin sa mga May-Ari**

1. Ibigay ang mga dokumentong nakalista sa ibaba sa mga aplikante/umuupa upang pirmahan. I-estapler o i-klip ang mga ito nang sama-sama sa isang pakete sa ayos ng pagka-lista.
   a. Ang HUD-9887/A Fact Sheet
   b. Pormularyong HUD-9887.
   c. Pormularyong HUD-9887-A.
   d. Mga mahahalagang patotoo (HUD Handbook 4350.3 Rev. 1).

2. Pasalitang ipagbigay-alam sa mga aplikante at umuupa na
   a. Maaari nilang dalhin ang mga pormularyong ito sa kanilang mga tahanan upang basahin o pag-usapan kasama ang pangatlong partido na kanilang pinili at bumalik upang pirmahan ang mga ito sa petsa na inyong pinag-usapan, at
   b. Kung sila ay may kapansanan na humahadlang sa kanila sa pagbasa at/o pagpirma ng anumang pagsang-ayon, na ikaw, ang May-ari, ay kailangang magbigay ng mga nararapat na tulong.

3. Ang may-ari ay inaatasang magbigay sa bawat sambahayan ng kopya ng HUD9887/A Fact Sheet, pormularyo HUD-9887, at pormularyo HUD-9887-A pagkatapos makakuha ng mga kailangang (mga) pirma ng aplikante/ umuupa. Ang mga may-ari ay dapat ding magbigay ng kopya sa mga aplikante/umuupa ng mga pirmadong pormularyong indibiduwal na patotoo alinsunod sa kanilang kahilingan.

**Tagubilin sa mga Aplikante at Umuupa**

Itong Pormularyong HUD-9887-A ay naglalaman ng mga impormasyon ng kustomer at mga proteksiyon tungkol sa kailangang patotoo ng HUD na dapat isagawa ng May-ari.

1. Basahin ang bagay na ito na nagpapaliwanang ng:
   - mga pangangailangan ng HUD tungkol sa pagpapalabas ng impormasyon, at
   - Iba pang mga proteksiyon sa kustomer.
2. Pirmahan ang huling pahina na:
   - nabasa mo ang pormularyong ito, o
   - ipinaliwanag sa iyo ng May-ari o ng pangatlong partido na iyong pinili, at
   - sumasang-ayon ka sa pagpapalabas ng impormasyon para sa mga layunin at gamit na inilarawan.

**Awtoridad para sa Pangangailangan ng Pagsang-ayon ng Aplikante/Umuupa sa Pagpapalabas ng Impormasyon**

Seksyon 904 ng Stewart B. McKinney Homeless Assistance Amendments Act ng 1988, na binago ng seksyon 903 ng Housing at Community Development Act ng 1992. Ang batas na ito ay matatagpuan sa 42 U.S.C. 3544.

Sa bahagi, ang batas na ito ay nag-aatas sa iyo na pirmahan ang pormularyong pagsang-ayon na binibigyang kapangyarihan ang May-ari na humingi sa kasalukuyan o nagdaang mga employer upang patotohanan ang impormayon sa sahod at suweldo na ukol sa iyong pagiging karapat-dapat o sa antas ng mga benepisyo. Sa karagdagan, ang mga regulasyon ng HUD (24 CFR 5.659, Family Information and Verification) ay nag-aatas bilang kondisyon ng pagtanggap ng tulong sa pabahay na dapat mong pirmahan ang isang pagpapalabas at pagsang-ayong aprobado ng HUD na nagbibigay kapangyarihan sa anumang lagakan o pribadong pinagmumulan ng kita na magbigay ng ganoong impormasyon na kinakailangan sa pagtitiyak ng iyong pagiging karapat-dapat o ng antas ng mga benepisyo. Kasama rito ang impormasyon na iyong ibinigay na makaka-apekto sa halaga ng upa na iyong babayaran. Kasama sa impormasyong ito ang kita at mga yaman, katulad ng sahod, mga benepisyong kawanggawa, at kinitang interes sa mga impok sa bangko. Kasama rin dito ang ilang mga pagbabago ng iyong kita, katulad ng mga gugulin para sa mga umaasa sa iyo at para sa mga sambahayan kung saan ang mga namumuno o mga asawa ay matatandang may kapansanan, o baldado, at mga gugulin para sa mga gastos sa pangangalaga sa bata, medikal, at tulong sa may kapansanan.

**Layunin ng Pangangailangan ng Pagsang-ayon sa Pagpapalabas ng Impormasyon**

Sa pagpirma ng pormularyong pagsang-ayong ito, binibigyan mo ng kapangyarihan ang May-ari ng proyekto ng pabahay na kung saan ka nag-aaplay para sa tulong na humingi ng impormasyon mula sa pangatlong partido tungkol sa iyo. Nag-aatas ang HUD sa may-ari ng pabahay na patotohanan ang lahat ng mga impormasyon na iyong ibinigay na makaka-apekto sa iyong pagiging karapat-dapat at sa antas ng mga benepisyo upang matiyak ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng tulong sa pabahay at ang mga benepisyong ito ay naisa-ayos sa tamang mga antas. Alinsunod sa kahilingan ng opisina ng HUD o ng PHA (bilang Tagapangasiwa ng Kontrata), ang May-ari ng pabahay ay maaaring magbigay sa HUD o sa PHA ng impormasyong iyong ibinigay at ang impormasyong natanggap ng May-ari sa ilalim ng pagsang-ayong ito.

**Mga Gamit ng Impormasyong Makakalap**

Maaaring humingi at makatanggap ng impormasyong hiningi sa pamamagitan ng patotoo ang mga indibiduwal na nakalista sa pormularyong patotoo, batay sa mga limitasyon ng pormularyong ito. Ang HUD ay inaatasang protektahan ang nakalap na impormasyon sa kita alinsunod sa Privacy Act ng 1974, 5 U.S.C. 552a. Ang May-ari at ang PHA ay inaatasan ding protektahan ang nakalap nitong impormasyon sa kita alinsunod sa anumang naaangkop na batas ng estado sa pagiging lihim. Kapag nakatanggap ang May-ari ng impormasyon mula sa pangatlong partido na hindi tugma sa impormasyong iyong ibinigay, inaatasan ang May-ari na ipagbigay-alam ito sa iyo sa pamamagitan ng pagsulat na tinutukoy ang impormasyong pinaniniwalaang hindi tama. Kung ito ay mangyayari, magkakaroon ka ng pagkakataong makipagkita sa May-ari upang mapag-usapan ang mga pagkakaiba.

**Sino ang Dapat Pumirma ng Pormularyong Pagsang-ayon**

Bawat miyembro ng iyong sambahayan na may edad na di bababa sa 18 taong gulang, at bawat ulo ng pamilya, asawa o kasamang ulo, sa kabila ng edad, ay dapat pumirma ng kaukulang pormularyong pagsang-ayon sa panimulang sertipikasyon, sa bawat muling sertipikasyon, at sa bawat pansamantalang sertipikasyon, kung angkop. Sa karagdagan, kapag sumali ang bagong miyembro ng sambahayan na nasa hustong gulang at kapag ang mga miyembro ng sambahayan ay naging 18 taong gulang ang edad sila ay dapat ding pumirma ng mga kaukulang mga pormularyong pagsang-ayon.

Ang mga taong nag-aplay o nakatanggap ng tulong sa ilalim ng mga sumusunod na programa ay dapat pumirma ng mahahalagang pormularyong pagsang-ayon:

Rental Assistance Program (RAP)

Rent Supplement

Seksyon 8 Housing Assistance Payments Programs (pinamamahalaan ng Office of Housing)

Seksyon 202

Mga Seksyon 202 at 811 PRAC

Seksyon 202/162 PAC

Seksyon 221(d)(3) Mababa sa Singil na Interes sa Merkado

Seksyon 236

HOPE 2 Home Ownership of Multifamily Units

**Kabiguang Mapirmahan ang mga Pormularyong Pagsang-ayon**

Ang pagkabigong pirmahan ang kinakailangang pormularyong pagsang-ayon ay maaaring magbunga sa pagtanggi ng tulong o pagtatapos ng mga benepisyong tulong sa pabahay. Kung tinanggihan ng tulong ang aplikante dahil sa ganitong dahilan, ang O/A ay dapat sumunod sa mga pamamaraan ng pagbibigay-alam na nasa Handbook 4350.3 Rev. 1. Kung tinanggihan ng tulong ang umuupa dahil sa ganitong dahilan, ang O/A ay dapat sumunod sa mga pamamaraang nakalahad sa pagpapaupa.

**Mga Kondisyon**

Walang aksyon ang maaaring gawin upang tapusin, tanggihan, suspindihin o bawasan ang tulong na natatanggap ng iyong sambahayan batay sa impormasyong nakalap tungkol sa iyo sa ilalim nitong pagsang-ayon hanggang ang O/A ay sarili 1) na pinatotohanan ang iyong ibinigay na impormasyon patungkol sa iyong pagiging karapat-dapat at sa antas ng mga benepisyo at 2) na patungkol sa kita (kasama ang parehong sinahod at di-sinahod na kita), pinatotohanan ng O/A kung ikaw ay talagang mayroon (o nagkaroon) ng ganoong kita para sa iyong sariling gamit, at napatotohanan ang panahon o mga panahon kung kailan, o patungkol sa iyong totoong pagtanggap ng ganoong kita, suweldo o mga benepisyo.

Maaaring gamitin ang isang kopya ng pirmadong pagsang-ayon upang humingi ng impormasyong awtorisado ng iyong pirma sa pormularyong pagsang-ayon ng indibiduwal. Ito ay mangyayari kung ang O/A ay walang isa pang pagsang-ayon ng indibiduwal na patotoo na mayroong orihinal na pirma at ang O/A ay kailangang magpadala ng isa pang kahilingan para sa patotoo (halimbawa, ang pangatlong partido ay nabigong sumagot). Kung ito ay mangyayari, ang O/A ay maaaring maglakip ng kopya ng pagsang-ayong ito sa isang kopya ng pormularyong indibiduwal na patotoo na iyong pinirmahan. Upang maiwasan ang paggamit ng mga kopya, maaaring magkasundo ang O/A at ang indibiduwal na pirmahan ang higit pa sa isang kopya ng pagsang-ayon para sa bawat uri ng patotoo na kinakailangan. Ipapa-alam sa iyo ng O/A, o ng pangatlong partido na iyong hinirang, ang mga matututklasan na nakabatay sa mga impormasyong napatotohanan sa ilalim ng pagsang-ayong ito at magbibigay sa iyo ng pagkakataong salungatin ang mga ganoong natuklasan alinsunod sa Handbook 4350.3 Rev. 1.

Dapat bigyan ka ng O/A ng impormasyong nakalap sa ilalim nitong pagsang-ayon alinsunod sa mga batas ng State privacy.

Kung ang miyembro ng sambahayan na kailangang pumirma sa pormularyong pagsang-ayon ay hindi nakapirma ng kailangang pormularyo sa takdang oras, dahil sa mga pangyayaring makatwiran, maaaring ilagay ng O/A sa dokumento ang file na patungkol sa dahilan ng pagkaantala at ang mga natukoy na plano upang makuha ang tamang pirma sa lalong madaling panahon.

Ang mga indibiduwal na pagsang-ayon sa pagpapalabas ng impormasyon ay mawawalan ng bisa 15 buwan pagkaraang mapirmahan ang mga ito. Maaaring gamitin ng O/A ang mga nasabing pormularyong pagsang-ayon ng indibiduwal sa loob ng 120 araw bago ang panahon ng muling sertipikasyon. Maaari ring gamitin ng O/A ang mga pormularyong ito habang nasa panahon ng muling sertipikasyon, ngunit sa mga kaso lamang na kung saan ang O/A ay nakatanggap ng impormasyong nagpapahiwatig na ang impormasyon na iyong ibinigay ay maaaring hindi wasto. Iba pang paggamit ay ipinagbabawal.

Hindi maaaring gumawa ang O/A ng mga pagsisiyasat sa mga impormasyong tumagal na nang 12 buwan maliban kung siya ay nakatanggap ng hindi magkakatugmang impormasyon at mayroong dahilan upang maniwala na ang impormasyong iyong ibinigay ay hindi wasto. Kung ito ay mangyayari, maaaring mangalap ng impormasyon ang O/A sa loob ng huling 5 taon kung kailan ka nakatanggap ng tulong.

**Nabasa at naunawaan ko ang impormasyong ito para sa mga layunnin at gamit ng impormasyon na siyang napatotohanan at sumasang-ayon sa pagpapalabas ng impormasyon para sa mga layunin at gamit nito.**

**Nabasa at nauunawaan ko ang layunin ng pagsang-ayon at gamit nito at nauunawaan ko na ang maling paggamit ng pagsang-ayong ito ay maaaring humantong sa mga personal na kaparusahan sa akin.**

**"Ang Ingles na bersyon ng pagpapaupa lamang ang pipirmahan."**

**Mga Parusa para sa Maling Paggamit ng Pagsang-ayong ito:**

Maaaring sumailalim sa kaparusahan ang HUD, ang O/A, at sinumang PHA (o sinumang empleyado ng HUD, ng O/A, o ng PHA) dahil sa di-awtorisadong pagsisiwalat o mga maling paggamit ng impormasyong nakalap batay sa pormularyong pagsang-ayon.

Ang paggamit ng impormasyong nakalap batay sa pormularyong HUD 9887-A ay limitado sa mga layuning binanggit sa pormularyong HUD 9887-A. Ang sinumang tao na sadyang alam o kusang humingi, kumuha, o magsiwalat ng anumang impormasyon sa ilalim ng maling pagpapakilala tungkol sa isang aplikante o umuupa ay maaaring sumailalim sa isang maliit na paglabag sa batas at pagmultahin ng hindi lalabis sa $5,000.

Sinumang aplikante o umuupang apektado ng pabayang pagsisiwalat ng impormasyon ay maaaring magsampa ng aksyong sibil para sa pinsala, at humingi ng ibang lunas, na naaangkop, laban sa opisyal o empleyado ng HUD, ng O/A o ng PHA na may pananagutan para sa di-awtorisadong pagsisiwalat o maling paggamit.